
まんがでわかる

Tagalog
タガログ語版

# 航空業の安全衛生

## Alamin Mula sa Komiks
## Kaligtasan at Kalusugan sa Industriya ng Pagpapalipad






**Bilang ng mga kaso ng aksidente o pinsala**

| | | |
|---|---|---|
| 1 | Epekto ng aksyon/pinilit na aksyon | 99 na kaso |
| 2 | Nadapa | 28 na kaso |
| 3 | Aksidente sa daan | 24 na kaso |
| 4 | Bumagsak/nahulog | 19 na kaso |
| 5 | Nabangga | 17 na kaso |

Pinagmulan: "Datos ng Pagsusuri Tungkol sa Aksidente at Pinsala sa Lugar ng Trabaho/Industriya ng Pagpapalipad" (Nirebisa Agosto 2018) mula sa Japan Industrial Safety & Health Association (Asosasyon para sa Pag-iwas sa Pinsala at Kapahamakan sa Trabaho ng Japan)


Oo nga.
Maraming halimbawa ng insidente. Katulad ng....
Pagsakit ng likod dahil sa pagpwersa sa sarili na magbuhat.
O kaya nahimatay dahil sa heatstroke na sanhi ng pagtatrabaho habang tag-init.
Pwedeng mangyari ang mga iyan sa amin kahit anumang araw, di ba po?
Tama. Kaya mahalaga na alagaan natin ang sarili natin.


Maraming trabaho sa paliparan na ginagawa bilang team.
At dahil dito, dapat sundin ang takdang patakaran sa trabaho habang sinusunod nang mabuti ang utos ng lider ng grupo.
Ganun nga.
Hahaha
Pero sa totoo lang, nakakatamad...
GRRRRR
Ano kamo?
GRRRRR
Kaya nga may patakaran para maprotektahan ang kaligtasan ng lahat!
O-opo!
Ahem...


Ang trabaho sa industriya ng pagpapalipad ay ang pangangalaga ng buhay ng mga pasareho. Sa pamamagitan ng pagsunod sa patakaran, mapoprotektahan natin ang sarili nating buhay at ang buhay ng mga pasahero.
Upang maprotektahan nang lubusan ang mga buhay, hindi ba ninyo naisip na ang pinakamahalaga ay malusog tayo?
Kapag hindi tayo makapagtrabaho dahil sa malubhang kapinsalaan, pati ang pamilya natin ay mag-aalala at magkakaproblema pa sa pera.
At dahil doon, mahalaga ang pagsunod sa patakaran.
Maging mapagmasid sa kapaligiran at gawin nang tama ang trabaho sa pamamagitan ng pagsunod sa takdang pamamaraan.
Manigurado na nakasuot nang mabuti ang kagamitan para alagaan ang kaligtasan (protective gear) bago magtrabaho.


Mayroon pa bang ibang halimbawa?
Pwedeng maipit ang kamay sa maliit na mesa sa upuan ng pasahero habang nililinis ang loob ng eroplano.
O kaya madulas at malaglag mula sa hagdanan papunta sa loob ng eroplano.
Ahh.
Ngayon,
カチッ・・・
Klik
ガーッ
Ah...
おおっ
Wow....
tingnan naman natin
1
ang aktwal na lugar ng trabaho!
ジジ・・・
Beep, beep....

# Halimbawa 1


Swiiing
Whew...
Bang
Grabe!
Parang mas mainit ngayong araw.
El Nino daw kasi.



Talaga? Kaya pala.
Ang masakit, tuwing ganitong panahon, maraming turista kaya marami ring bagahe....
Zuuuuuu
Hoy, break na.
Mainit ngayon sigurihin ninyong uminom ng maraming tubig para mapalitan ang nawalang tubig sa katawan.
Mayroon ding malamig na makakain.
Salamat po.
Magpapahinga ako doon sa malamig.



Di ka ba magbe-break?
Gusto ko sana matapos na kaagad.
Magpapatuloy ako hanggang sa konti na lang ang trabaho.
Ah...
Napagod ako dun...
Pero sa wakas nakikita ko na ang katapusan!
Isa na lang....
Hilo


Blag!
Si Baguhan!
Hoy, Baguhan! Okey ka lang ba?
医務室
Clinic
Mukha daw na mild heatstroke ka...
Para makasigurado, magpapahinga ka ngayong hapon.
Buti na lang hindi naging seryoso.... Para maiwasan ang heatstroke...


Dapat uminom ng marami para mapalitan ang nawalang tubig at electrolytes sa katawan.
Maalat na kendi.
Magpahinga sa malamig na lugar.
Ipagbigay-alam agad sa kinauukulan kapag naramdaman ninyo na may kakaiba sa kalagayan ng nagtatrabaho, pati sa sarili ninyo.
HELP!
Matulog nang sapat at iwasan ang sobrang pag-inom ng alak. Naintindihan nyo?
Opo. Mag-iingat ako....
Basahin ninyo ang komiks na magpapakilala sa lahat ng uri ng trabaho para sa karagdagang detalye tungkol sa heatstroke! Okey?


# Halimbawa 2


Oras na ng paglilinis sa loob ng eroplano. Mag-umpisa na tayo.
Opo!
ぞろ
ぞろ
Lakad, lakad
Ah!
Sya nga pala, napanood mo yung laro kahapon?
Hoy!


Ang tatlong lugar ng suporta ay ang batayan tuwing aakyat ng hagdanan.
*Dapat umakyat na ang parehong kamay ay nakahawak sa balustre at dapat nakatungtong ang isang paa bago iakyat ang kabila. Kapag may dala, dapat ang isang kamay ay nakahawak sa balustre.
Pasensya na po!
Kapag hindi kayo nakahawak sa balustre, pwede kayong mahulog sa hagdanan!
Mukhang marami na namang ginagawa ang iba't-ibang teams ngayong araw.
Okey, mag-uumpisa na ako kaagad!


チクッ
Tusok
Aray!!
Okey ka lang!?
Parang natusok ang kamay ko ng matalas na bagay na nasa loob ng seat pocket.
Baka dapat mong sabihin yan kay leader?
Tama ka.
Hwag na lang. Di ba mas importante matapos tayo kaagad?



Pero paano itong sugat?
Sasabihin ko na nga sa leader!
Bang
Okey ka lang!?


Ahh... Nabunggo ka dahil sa pagmamadali!
Tama na ipagbigay-alam sa leader kung may maramdaman na kakaiba. Nakakatakot din pala ang impeksyon.
Sorry...
Pero sa loob ng eroplano, hindi lang mga tagalinis ang nagtatrabaho, pati rin ang ibang empleyado.
Dapat maging mapagmasid tayo sa kapaligiran at maging mapanuri sa sitwasyon.


Sa kaunting kapabayaan lamang, maaari nating mabunggo ang kasamahan natin.
OK!
Dadaan po!
NG!
At maaring may matulis na bagay sa loob ng mga lalagyan kaya dapat tingnan nang mabuti.
Punta ka na sa clinic.
Opo...
Pagkatapos noon, nilinis at ginamot ang kanyang sugat sa clinic at pinagsisihan niya ang nangyari.

# Halimbawa 3


Ngayong araw lilinisin natin ang labas ng eroplano.
Opo!
Opo, opo.
Tama ba ang dami ng lampaso?
Handa na ang proteksyon sa mata.
Handa na ang guwantes.



Handa na ang kagamitang panglinis.
Handa na ang full harness.
Ayun! OK na to.
Bibilisan kong matapos.
Hindi pwede mawala ang konsentrasyon habang nagtatrabaho.
Kalatog kalatog
clang clang clang
Nakakabit na ang full harness!


Okey, mag-uumpisa na ako magtrabaho.
Ang dumi talaga, no?
Oo nga, dapat punasan nang maigi.
Pero...


Hindi ko makita nang mabuti kung madumi sa itaas.
Kung maabot ko pa ng kaunti sa itaas...
Huy!
Patakaran ang magsuot ng proteksyon sa mata!
Malay mo pumasok sa mata mo yung kemikal na panglinis!
Hindi naman siguro, pero yung dumi....
AY!!
patak patak
patak


Okey ka lang!?
Pumasok sa mata ko yung kemikal na panglinis.
Hugasan mo muna ang mata mo!
Ako na ang magsasabi kay leader.
Ahh...
ジャー
hugas
Parang mayroon pa sa loob ng mata ko.
Narinig ko ang nangyari.


Ang kemikal na panglinis ay pwedeng pumasok sa mata at mamaga o masusugatan ito.
Dapat kang maging maingat sa paggamit nito!
At dapat magsuot ng proteksyon sa mata!
Hindi lang ang proteksyon sa mata. Huwag din kalimutang isuot ang guwantes at ang full harness.
Dapat sundin ang mga takdang patakaran ng trabaho.
Pero bago ang lahat, pumunta ka na sa clinic.
Opo... Sorry....
Pinatingin sya sa espesyalista at sa kabutihang palad hindi umabot sa malubhang kondisyon.
ほっ
Hay...



あちゃああ..
Ahhh...
Alam nyo na ngayon na ang panganib madalas mangyari sa malapit sa atin.
Yung mga pagkakamali na nakita natin parang katulad ng nangyari sa kilala natin, di ba?
Ha? May sinabi kayo?
Mahalaga ang ating kaalaman at ang pagsunod sa patakaran para sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho.
Bukod dito...


Ang aksidente sa trabaho ay hindi problema ng ibang tao kundi problema natin.
Gusto kong alahanin ninyo na ang pagsunod sa patakaran ay pangangalaga sa ating "sarili", "pamilya" at "pamumuhay".
Kung sakaling may mangyari,
mahalaga din ang komunikasyon sa mga kasama sa lugar ng trabaho
Okey!
Gagalingan ko sa trabaho habang pinangangalagaan ang kaligtasan at kalusugan!
うんうん
Tama. Tama.


Siguruhing sundin ang mga patakaran

# Mga Punto na Dapat Ingatan


(Sa labas ng eroplano)




## 1 Sundin ang batas-trapiko.



## 2 Bawal pumasok sa mapanganib na lugar.




## 3 Mag-ingat sa kondisyon ng panahon (tulad ng malakas na hangin at kidlat).





## 4 Mag-ingat sa heatstroke.




# Mga Punto na Dapat Ingatan


(Sa loob ng eroplano)



## 5 Mag-ingat upang hindi mabangga.



## 6 Huwag hawakan ang mga kagamitan sa loob ng eroplano nang walang pahintulot o instruksyon.




## 7 Mag-ingat upang hindi maipit.



厚生労働省
Ministry of Health, Labour and Welfare

Alamin Mula sa Komiks

**Kaligtasan at Kalusugan sa Industriya ng Pagpapalipad**

Inilathala Marso 2020

Naglimbag: Ministry of Health, Labour and Welfare
(Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan)

Nagplano: Mizuho Information & Research Institute, Inc.
Nangasiwa: Kumite sa Paglikha ng Materyales Para sa Pag-aaral Tungkol sa Kaligtasan at Kalinisan sa Lugar ng Trabaho
Grupo sa Paglikha ng Materyales Para sa Pag-aaral Tungkol sa Kaligtasan sa Industriya ng Pagpapalipad
Lumikha: Sideranch Inc.

Para sa katanungan tungkol sa mga materyales:

Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan, Kawanihan ng Pamantayan sa Paggawa, Departamento ng Kaligtasan